VICTORY

FILIPINO WEEK 1

# Salamat sa Diyos na Ngayon ay Lunes

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang gustong-gusto mo patungkol sa pagtatrabaho?
- Sino ang pinakamasipag na tao na iyong nakilala? Ibahagi ang isang pagkakataon na magpapatunay ng kanyang kasipagan.
- Ikaw ba ay isang malikhaing tao? Anong bagay na iyong nalikha na natatangi?

**WORD** *Pero sinabihan sila ni Jesus, "Patuloy na gumagawa ang aking Ama, kaya patuloy din ako sa paggawa."* **JUAN 5:17**

---

Buo ang pananalig ni Jesus ng Kanyang sabihin na ang Kanyang Ama ay gumagawa—maging hanggang sa kasalukuyan. Ang Diyos ay nagtatrabaho, at ito ay lumalarawan sa Kanyang katangian. Sa araling ito, ating aaralin ang mga katotohanan tungkol sa pagtatrabaho ng Diyos na batay sa kuwento ng pagkalikha ng mundo na nakasaad sa Genesis 1 at 2.

## 1 Ang Diyos ay patuloy sa paglikha.

*Nang pasimula nilikha ng Diyos ang langit at lupa.* **GENESIS 1:1**

Ginawa ng Diyos ang mundo, at Siya ay patuloy sa paggawa hanggang sa kasalukuyan. Sa katunayan, Siya lamang ang nakalalang sa mga bagay mula sa wala. Siya lang ang nakagagawa ng himala, at Kaniyang ikinasisiya ang Kanyang mga ginagawa. Aling mga bahagi sa mga nilalang sa mundo ang labis mong hinahangaan? Sa iyong palagay, paano ito naisip at ginawa ng Diyos?

........................................................................................................

........................................................................................................

........................................................................................................

........................................................................................................

## 2 Ang gawa ng Diyos ay mabuti.

*Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang nilikha at lubos siyang nasiyahan. Lumipas ang gabi at dumating ang umaga. Iyon ang ikaanim na araw.* **GENESIS 1:31**

Ang lahat ng ginawa ng Diyos ay tunay na mabuti. Iyon ang katangian ng Diyos. Hindi sya gumagawa ng mga bagay na mababa ang kalidad o hindi mahusay. Gayon man, ang presensya ng kasalanan ay nasa mundo. Nanatili ang kabutihan sa Kanyang mga nilalang. Gayong tayo ay nilalang sa wangis ng Diyos, ano ang dapat nating gawin?

## 3 Ang Diyos ay nalulugod sa Kanyang mga paggawa.

*2 Natapos niya ito sa loob ng anim na araw at nagpahinga siya sa ikapitong araw. 3 Binasbasan niya ang ikapitong araw at itinuring itong banal, dahil sa araw na ito nagpahinga siya nang matapos niyang likhain ang lahat.* **GENESIS2:2,3**

Ang Diyos ay nagpahinga sa paggawa hindi dahil sa Siya ay napagod, kundi upang masdan at ikasiya ang Kanyang mga nilikha. Maging ang Diyos ay nagpahinga sa ikapitong araw. At ito ay Kanyang iniutos na atin ding gawin. Itinakda Niya ang ikapitong araw bilang isang banal na araw. Paano natin magagawang kaluguran ang ating trabaho, gaya ng ginawa ng Diyos?

## APPLICATION

- Ano ang iyong natutunan sa araling ito at paano mo ito maisasapamuhay?
- Naniniwala ka ba na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay mabuti? Paano mo magagawang pabutihan ang iyong pagpapahalaga sa mga nilikha at ginagawa ng Diyos itong linggo?
- Naniniwala ka ba na ang Diyos ay patuloy sa paggawa? Sa ano mang bahagi ng iyong buhay na kailangang matutunan upang mas magtiwala pa sa Diyos? Paano mo magagawang ipahayag na ikaw ay umaasa sa Diyos sa bawat araw?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil sa kung sino Siya at sa Kanyang mga nagawa. Pasalamatan Siya sa Kanyang katapatan at kabutihan.
- Ipanalangin na ikaw ay laging magtitiwala at magpapasakop sa Kanya, dahil batid mo na Siya ay patuloy na gumagawa at laging Niyang ginagawa ang makabubuti sa iyo.
- Ipanalangin na lagi mong ikalulugod ang Diyos at ang iyong mga gawain, at na ang iyong maka-Diyos na halimbawa ay maka-akay ng maraming tao palapit sa Kanya.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph